


# Meningitis (Sakit na Meningococcal) sa Mga Lalaking Bakla/Mga Lalaking Nakikipagtalik sa Mga Lalaki

## Sino ang dapat Magpabakuna?



Ipinapakita ng kamakailang datos ng LA County ang mas maraming kaso kaysa sa karaniwan sa mga lalaking bakla/mga lalaking nakikipagtalik sa mga lalaki (men who have sex with men, MSM). Inilalarawan ng dokumentong ito ang sakit, sino ang dapat magpabakuna, at kung saan magpabakuna.

### 1. Ano ang sakit na meningococcal?

Ang sakit na meningococcal ay isang bihira, ngunit malubhang sakit.

Ito ay sanhi ng bakterya (mga mikrobiyo). Maaari itong humantong sa malubhang mga problema na tulad ng:

- Meningitis (pamamaga sa utak at gulugod)
- Pagkabingi
- Pagkawala ng biyas (braso o binti)
- Pinsala sa utak
- Kamatayan

### 2. Anu-ano ang mga sintomas ng sakit na meningococcal?

Maaari itong magsimula sa mga sintomas na parang trangkaso at maaari ring magdulot ng mga ito:

- Mataas na Lagnat
- Paninigas ng Leeg
- Nasusuka
- Pagiging sensitibo sa ilaw
- Sakit ng ulo
- Pantal
- Pagsusuka
- Pagkalito

### 3. Paano ninyo maiiwasan ang sakit na meningococcal?

Ang malusog na mga gawi na ito ay tumutulong sa pag-iwas ng pagkakaroon nito:

- Ang pagbabakuna ay ang pinakamabuting paraan upang maiiwasan ang sakit na ito
- Huwag magbahagi ng mga gamit na nagkakalat ng laway, tulad ng mga kubiyertos, pagkain, inumin o sigarilyo
- Limitahan ang malapit na pagkakadikit sa mga taong may sakit

### 4. Sino ang dapat kumuha ng bakuna para sa meningococcal?

Inirerekomenda ng LA County Department of Public Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng LA County) ang bakuna para sa meningococcal para sa:

- Sinumang positibo sa HIV
- Lahat ng lalaking bakla/MSM anuman ang kanilang katayuan sa HIV o mga dahilan ng panganib

### 5. Ilang dosis ng bakuna ang dapat makuha ng nakalistang mga grupo ng Lalaking Bakla/MSM?

Sino ang dapat makakuha nito?	Bilang ng mga dosis
Mga lalaking bakla/MSM na positibo sa HIV na kailanman ay hindi nagpabakuna ng bakuna para sa meningococcal	2 dosis ng bakuna (malawak ang pagitan na 8 o mahigit pang mga linggo)

CDCP-IP-0006-12 TA (08/04/16)

Mga lalaking bakla/MSM na positibo sa HIV na nakakuha ng 1 dosis ng bakuna na para sa meningococcal noong bata o tinedyer	1 dosis ng bakuna ngayon
Mga lalaking bakla/MSM (anuman ang kanilang katayuan sa HIV) na kailanman ay hindi nagpabakuna ng bakuna para sa meningococcal	1 dosis ng bakuna ngayon
Mga lalaking bakla/MSM (anuman ang kanilang katayuan sa HIV) na nakakuha ng dosis 5 o mahigit pang mga taon ang nakalipas	1 dosis ng bakuna ngayon

## 6. Saan ninyo maaaring makuha ang bakuna para sa meningococcal?

Saan ninyo ito maaaring makuha?	Karagdagang impormasyon
Sa inyong personal na doktor o tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan	<p>Mangyaring pumunta sa inyong regular na doktor kung kayo ay...</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mayroong insurance sa kalusugan</li> <li>• Isang indibiduwal na positibo sa HIV at karapat-dapat sa Ryan White Program</li> </ul> <p>Inirerekomenda namin na sakupin ng mga plan para sa kalusugan ang mga bakuna para sa meningococcal para sa kanilang mga miyembro.</p>
Mga Parmasya	<p>Nagbibigay ng mga bakuna para sa meningococcal sa ilang parmasya. Tawagan ang inyong parmasya upang tingnan kung...</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mayroon silang ganoong bakuna</li> <li>• Anong oras sila nagbubukas at nagsasara</li> <li>• Sino ang maaaring makakuha ng bakuna</li> <li>• Magkano ito</li> </ul> <p>Ang mga parmasyang maaaring magbigay ng mga pagbabakuna ay nakalagay sa <a href="http://flushot.healthmap.org">http://flushot.healthmap.org</a></p>
Mga klinika ng Los Angeles County Department of Health Services (Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Los Angeles County, DHS)	<p>Ang mga lalaking bakla/MSM na walang insurance sa kalusugan ay maaaring pumunta sa anumang DHS Urgent Care Center (UCC); makikita ang isang listahan ng mga lokasyon at oras ng UCC sa <a href="http://www.dhs.lacounty.gov">www.dhs.lacounty.gov</a> o sa pamamagitan ng pagtawag sa 211. Susuriin ang mga indibiduwal hinggil sa pananalapi at maaaring magkaroon ng bahagi sa gastos depende sa kita. Ang mga indibiduwal na nakatanggap ng regular na pangangalaga sa DHS ay maaaring makatanggap ng bakuna mula sa regular nilang tagabigay ng serbisyo.</p>
Mga klinika ng Los Angeles County Department of Public Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Los Angeles County, DPH)	<p>Ang DPH ay namamahala ng mga klinika para sa libreng bakuna para sa mga taong maaaring nasa panganib para sa sakit na meningococcal. Ang mga petsa, oras at lokasyon ng klinika ay nakalagay sa <a href="http://publichealth.lacounty.gov/ip/Docs/meningitisclinics.pdf">http://publichealth.lacounty.gov/ip/Docs/meningitisclinics.pdf</a></p>

## 7. Saan ako maaaring pumunta para sa karagdagang impormasyon?

Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)  
[www.cdc.gov/meningitis/index.html](http://www.cdc.gov/meningitis/index.html)

California Department of Public Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California)  
[www.cdph.ca.gov/healthinfo/discond/Pages/MeningococcalDisease.aspx](http://www.cdph.ca.gov/healthinfo/discond/Pages/MeningococcalDisease.aspx)

CDCP-IP-0006-12 TA (08/04/16)